Republika ng Pilipinas
Tanggapan ng Pangulo

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

KAPASIYAHAN NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER BLG. 16-13
Serye 2016

PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN PARA SA PAGHIMOK SA KORTE SUPREMA NA ISALIN SA FILIPINO ANG MGA DOKUMENTONG PAMBATAS

SAPAGKAT, iniaatas ng 1987 Konstitusyon na ang opisyal na mga wika ng Filipinas ay Filipino, at kaugnay nito ay nilikha ang isang Komisyong magtataguyod ng wikang Filipino;

SAPAGKAT, iiniaatas ng Batas Republika Blg. 7104, ang batas na lumilikha ng KWF, na mandato ng Komisyon na magbalangkas ng mga patakaran, plano, at programa upang matiyak ang higit at patuluyang pagpapaunlad, pagpapayaman, pagpapalaganap, at preserbasyon ng Filipino at iba pang mga wika ng Filipinas;

SAPAGKAT, iniaatas pa ng naturang batas sa KWF na lumikha at magpanatili sa Komisyon ng isang dibisyon ng pagsasalin na gaganyak sa pamamagitan ng mga insentibo, magsasagawa at masigasig na magtataguyod ng pagsasalin sa Filipino at sa iba pang mga wika ng Filipinas ng mahahalagang akdang historikal at tradisyong kultural ng mga pangkating etnolingguwistiko, mga batas, mga kapasiyahan, at iba pang mga gawaing lehislatibo, mga atas ehekutibo, mga pahayag na pampatakaran ng pamahalaan at mga dokumentong opisyal, mga teksbuk at mga sangguniang materyales sa iba't ibang disiplina, at iba pang mga banyagang materyales na maaari nitóng ipasiyang kinakailangan sa edukasyon at para sa iba pang mga makabuluhang layunin;

SAPAGKAT, iniaatas rin ng naturang batas sa KWF tawagan ang alinmang kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, o alinmang kasangkapan ng Pamahalaan, o alinmang pribadong entidad, institusyon, o organisasyon para sa kooperasyon at tulong sa pagtupad ng mga gawain, tungkulin, at pananagutan nitó;

IPINAPASIYA, gaya ng ginagawang pagpapasiya ngayon, na hinihimok ng KWF ang Korte Suprema na magpatibay ng isang kautusan, memorandum, at/o katulad na dokumento para sa pagsasalin sa Filipino ng mga dokumentong pambatas;

IPINAPASIYA pa, na ang hakbang na ito ay bunsod ng hangaring tuparin ang itinakdang probisyong pangwika ng 1987 Konstitusyon at ng hangaring mapagpunyagian ang isang malawak, komprehensibo, kongkreto, at maugnaying plano para sa wikang Filipino bilang wika ng batas at bilang wikang opisyal ng bansa;

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
TINANGGAP
-13
Petsa: 7/05/16 Oras: 11:05
Ni:

KAPASIYAHAN NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER BLG. 16-13
Serye 2016

IPINAPASIYA sa wakas, na handang makipagtulungan ang KWF sa Korte Suprema para sa paglalatag ng mga programa at proyekto ng nabanggit na gawain;

PINAGTIBAY ng Kalupunan ng mga Komisyoner ngayong 22 Hunyo 2016 sa Las Casas Filipinas de Acuzar, Bagac, Bataan.

KOM. VIRGILIO S. ALMARIO, NA
Tagapangulo

KOM. PURIFICACION DELIMA
Kagawad

KOM. LORNA E. FLORES
Kagawad

KOM. ABDON M. BALDE JR.
Kagawad

KOM. JOHN E. BARRIOS
Kagawad

KOM. JIMMY B. FONG
Kagawad

KOM. JERRY B. GRACIO
Kagawad

KOM. MA. CRISANTA N. FLORES
Kagawad

KOM. LUCENA P. SAMSON
Kagawad

KOM. ABRAHAM P. SAKILI
Kagawad

KOM. HOPE S. YU
Kagawad